# Pagpapasali sa mga Pamilya at Pagsuporta sa Pagpasok sa Paaralan

## Absence Assessment Tool – Family (AAT-F)

Ang Absence Assessment Tool – Family (AAT-F) ay idinisenyo upang makatulong sa pagtukoy sa iba't ibang dahilan o balakid na nakakaambag sa mga pagliban ng isang bata sa paaralan. Nagsisilbi ito bilang isang parte ng komprehensibong pagtatasa na idinisenyo upang matulungan ang mga distrito sa pagtukoy sa nakatagong mga dahilan ng mga pattern ng pagliban ng isang bata. Ang pakay ay makakuha ng pangkalahatang pananaw sa mga dahilan na nakakaapekto sa pagpasok ng bata sa paaralan. Ang pagtatasang ito ay dapat ibigay sa mga magulang/guardian, at kung angkop, sa estudyante, sa wika na pinaka-nauunawaan.

## Demograpikong Impormasyon (opsyonal)

Pangalan ng Estudyante: Antas ng Grado:

(Mga) Pangalan ng Magulang/Guardian: Numero ng Telepono:

Karagdagang Impormasyon sa Pagkontak:

## Mga Pattern ng Pagpasok

**Mga Tagubilin:**Ang Absence Assessment Tool – Family (AAT-F) ay idinisenyo upang makatulong sa pagtukoy sa iba't ibang dahilan o balakid na nakakaambag sa mga pagliban ng isang bata sa paaralan. Pakibigay sa mga magulang/guardian ang sumusunod na mga tanong upang mas maunawaan ang mga dahilan na nakakaapekto sa pagpasok sa paaralan.

- Nararamdaman mo ba na madalas na hindi pumapasok sa paaralan ang iyong anak?
  Oo/Hindi/Hindi Sigurado
- Mayroon bang partikular na mga araw o panahon na ang pagpasok ay mas mahirap?
  Oo/Hindi/Hindi Sigurado
  - Kung Oo, ano-ano ang mga araw o panahong iyon?

## Identipikasyon ng Potensyal na mga Balakid sa Pagpasok sa Paaralan

| **Pangkalahatang mga Balakid** | **Oo** | **Hindi** | **Hindi Sigurado** |
|---|---|---|---|
| 1. Balakid ba ang pagkakasakit ng iyong anak sa pagpasok sa paaralan? | | | |
| 2. Ang iyong anak ba ay mayroong pabalik-balik na kondisyon sa kalusugan na nakakaapekto sa kanyang kakayahan na regular na makapasok sa paaralan? | | | |
| 3. Nakakaapekto ba ang mga usaping pampamilya sa kakayahan ng iyong anak na regular na makapasok sa paaralan? | | | |
| 4. Mayroon bang mga responsibilidad sa pamilya na nakakahadlang sa pagpasok sa paaralan ng iyong anak? | | | |

| Pangkalahatang mga Balakid (ipinagpatuloy) | Oo | Hindi | Hindi Sigurado |
|---|---|---|---|
| 5. Nangangailangan bang alagaan ng iyong anak ang isang miyembro ng pamilya, na humantong sa hindi pagpasok sa mga araw na may pasok sa paaralan? | | | |
| 6. Mahirap ba ang makakuha ng transportasyon upang makarating sa paaralan ang iyong anak? | | | |
| 7. Mayroon bang maaasahang transportasyon na magagamit ng iyong anak upang magbiyahe papunta at pabalik mula sa paaralan? | | | |
| 8. May mga problema ba sa pampublikong transportasyon o sa layo papuntang paaralan na nakakaapekto sa pagpasok? | | | |
| 9. May mga problema ba sa pabahay na nakakaapekto sa pagpasok ng iyong anak sa paaralan? | | | |
| 10. Nakakaranas ba ang iyong pamilya ng hindi matatag na mga sitwasyon sa pabahay na nakakaapekto sa pagpasok sa paaralan? | | | |
| 11. May mga alalahanin ba tungkol sa kaligtasan o mga kondisyon sa pamumuhay na nakakaambag sa mga pagliban sa paaralan? | | | |

| Pag-iwas sa Paaralan | Oo | Hindi | Hindi sigurado |
|---|---|---|---|
| 12. Mukha bang hindi sigurado ang iyong anak o nag-aatubili sa pagpunta sa paaralan? | | | |
| 13. Nabanggit ba ng iyong anak na nabibigatan siya sa gawaing pampaaralan o sa mga assignment? | | | |
| 14. Nabanggit ba ng iyong anak na nababalisa o nai-istres siya sa pagpasok sa paaralan? | | | |
| 15. May takot ba ng pambu-bully o mga hamon kasama ang ibang mga tao sa paaralan? | | | |
| 16. Ang mga pag-absent ba ng iyong anak ay natataon sa mga event o aktibidad na kaugnay ng paaralan? | | | |

| Hindi pakikilahok sa Paaralan | Oo | Hindi | Hindi sigurado |
|---|---|---|---|
| 17. Ang iyo bang anak ay mukhang hindi sumasali o hindi interesado sa mga aktibidad sa paaralan? | | | |
| 18. May partikular na mga subject o mga klase ba kung saan nagpapakita ang iyong anak ng pagka–hindi interesado? | | | |
| 19. Nabanggit ba ng iyong anak ang pakiramdam na hindi konektado sa mga kasabayan o sa mga guro sa paaralan? | | | |

| Hindi pakikilahok sa Paaralan | Oo | Hindi | Hindi sigurado |
|---|---|---|---|
| 20. May kakulangan ba sa extracurricular na mga aktibidad o interes sa paaralan para sa iyong anak? | | | |
| 21. Nahihirapan ba ang iyong anak sa pag-unawa sa kahalagahan ng paaralan sa kanyang kinabukasan? | | | |
| 22. Sa abot ng iyong kaalaman, mayroon bang anumang mga sitwasyon sa guro o staff na mas nagpapahirap sa pakikisali ng iyong anak sa paaralan? | | | |

| Mga maling akala tungkol sa Epekto ng mga Pag-absent | Oo | Hindi | Hindi Sigurado |
|---|---|---|---|
| 23. Ang mga pangkulturang paniniwala o mga tradisyon ng inyong pamilya, ay nakakaapekto ba sa kung paano mo iniisip ang tungkol sa pagpunta sa paaralan o pagpasok sa paaralan? | | | |
| 24. Sa palagay mo ba, ang hindi pagpasok sa paaralan ay nakakaapekto sa dami ng matutunan ng iyong anak? | | | |

## Karagdagang Impormasyon

- Ang karagdagang mga serbisyong pansuporta ay makakatulong kaya sa pagtugon sa pagpasok sa paaralan ng iyong anak? Oo/Hindi
- Nangangailangan ka ba ng tulong na malampasan ang mga hamon na ito upang bumuti ang pagpasok sa paaralan ng iyong anak? Oo/Hindi
- Pakisabihin ang anumang karagdagang impormasyon o mga alalahanin tungkol sa pagpasok sa paaralan ng iyong anak.